# PCSO outlets sa QC, ipinasara ni Mayor Joy B

Bilang pagtalima sa kautusan ni Pangulong Rodrigo Duterte, iniutos ni Quezon City Mayor Joy Belmonte ang pagsasara sa lahat ng Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO) gaming activities kabilang na ang mga lotto outlets at Small Town Lottery (STL) sa lungsod.

Kaugnay nito, inatasan ni Belmonte si QC Police director Lito Esquivel na tiyaking maipatutupad ang utos ng chief executive laban sa lahat ng PCSO-sponsored games sa QC.

"Ang kautusan nating ipasara ang operasyon ng mga larong pinatatakbo ng PCSO ay pagsunod sa kautusan ni Pangulong Duterte na ipahinto ang operasyon ng lahat ng ilegal na sugal sa buong bansa," pahayag ni Belmonte.

Pinasisiguro rin nito sa QCPD na ang lahat ng PCSO gaming activities ay sarado na at hindi bubuksan hangga't walang utos si Pangulong Duterte na ibalik ang operasyon nito.

Una nang inutos ni Pangulong Duterte ang pagsasara sa lahat ng gaming schemes na pinangangasiwaan ng PCSO dahilan sa umano'y matinding korapsyon na nagaganap dito.

Sa ngayon may 375 PCSO outlets na sa QC ang naipasara ng QC police na kabibilangan ng 354 Lotto outlets, isang STL booth at 20 Keno outlets. *(Angie dela Cruz)*